


# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3 Pag-unawa at Pagsusuri sa Patalastas



**Filipino – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 3 – Pag-unawa at Pagsusuri sa Patalastas  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa ano mang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Susan D. Ramos	
<b>Editor:</b>	Ma. Theresa I. Cortez	
<b>Tagasuri:</b>	Rechie O. Salcedo	
<b>Tagaguhit:</b>	Jackielene V. Portea, Mark Anthony O. Taduran	
<b>Tagalapat:</b>	Analyn J. Madera	
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad	Francisco B. Bulalacao
	Grace U. Rabelas	Ma. Leilani R. Lorico
	Nora J. Laguda	Jerson V. Toralde
	Rechie O. Salcedo	Belen B. Pili
	Randy A. Bona	

**Inilimbag sa Filipinas ng**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500  
Mobile Phone: 0917 178 1288  
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 3  
Pag-unawa at Pagsusuri sa  
Patalastas**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan..

## Aralin 1

# Pag-unawa at Pagsusuri sa Patalastas



## Alamin

Isang mapagpala at magandang araw sa iyo.

Kumusta? Nanonood ba kayo ng telebisyon sa bahay? Anonong patalastas ang natatandaan ninyo?

Bakit ito ang patalastas na natatandaan mo? Maaari ka bang magbanggit ng isang bagong produkto batay sa napapanood mong patalastas?

Malamang sa hindi, dahil sa pandemya, ang panonood ng iba't ibang programa sa telebisyon ang isa sa mga pangunahing libangan ninyo sa bahay. Nakatitiyak ako na madadalhan at mawiwili kang gawin ang mga nakatakdang gawain dahil may kinalaman sa panonood ng telebisyon ang paksa para sa modyul na ito.

Upang lalo mo pang mahasa ang iyong husay sa pag-unawa at pagsusuri sa mga napapanood ninyong patalastas, halika at gagabayan kitang umunawa, sumuri at mag-aral ng modyul na ito.

Sa tulong ng modyul na ito, inaaasahan na:

- 1. Nasasagot mo ang mga tanong sa napanood na patalastas;**
- 2. Napaghahambing mo ang iba't ibang patalastas na napanood; at,**
- 3. Nagagamit mo sa pagpapakilala ng produkto ang iba't ibang uri ng pangungusap.**





## Subukin



Marami ka bang natatandaang napanood na patalastas? Sige nga, mula sa mga napanood mong patalastas sa telebisyon o minsan sa isang dula-dulaan sa inyong klase ay susubukin ang iyong kakayahan sa pagsagot at paghambing ng mga patalastas.

**A. Panuto:** Pumili ng isa sa mga paboritong mong lokal na patalastas na iyong napanood na nasa wikang filipino. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang sa iyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang patalastas na napanood? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Ano ang produktong ipinakikila ng patalastas? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Ano ang mensahe ang nais iparating ng napanood na patalastas? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Bakit ito ang napili mong patalastas? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
5. Papaano mo maihahambing ang patalastas na iyong napanood sa iba pang patalastas? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**B. Panuto:** Batay sa napanood na patalastas, ano-ano ang mga pangungusap na ginamit upang maipakilala ang kanilang produkto. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang sa sagutang papel.

1. Pangungusap na Pasalaysay:  
\_\_\_\_\_

2. Pangungusap na Patanong:

---

3. Pangungusap na Padamdang:

---

4. Pangungusap na Pakiusap:

---

5. Pangungusap na Pautos:

---



## ***Balikan***

*Magbalik-aral ka.*

Naaalala mo pa ba ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa gamit?

Tama. Ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa gamit ay **pasalaysay, patanong, pautos o pakiusap**, at **padamdang**. Ano ang pagkakaiba ng mga ito?

Mahusay! Sa pagpapahayag natin ng ating naiisip o nadarama ay gumagamit tayo ng apat na uri ng pangungusap.

Ngayon, balikan natin ang natutuhan mo sa nakaraang aralin. Isagawa ang hinihingi sa sumusunod na gawain.

Tingnan ang larawan ng patalastas sa ibaba. Magbigay ng 5 sariling pananaw tungkol dito gamit ang mga uri ng pangungusap. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay sa pamantayan sa pagsulat.

**May problema ba sa mga lamok?**

**Madali lang ‘yan!**

**Linisin ang buong paligid at;**

**Gamitin ang Labanos Mosquito Spray!**

**Patay ang lamok, ligtas ang pamilya.**




---



---



---



---



---

**RUBRIK SA PAGSULAT NG PANGUNGUSAP NA NAGLALARAWAN**

- 5- Mahusay
- 4- Medyo mahusay
- 3- Sapat ang kasanayan
- 2- Magsanay pa
- 1- Kailangan ng masinsinang pagsasanay pa

<b>PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>	<b>2</b>	<b>1</b>
1. Kaangkupan sa paggamit ng pangungusap					
2. Gumamit ng iba’t ibang uri ng pangungusap.					
3. Kaayusan ng nilalaman at mga ideya.					
4. Naaayon sa wastong gramatika.					
<b>Kabuoan</b>					





## **Tuklasin**

Ngayon, isasadula ng iyong pamilya, kamag-anak, o sinumang kasama sa bahay ang dalawang patalastas na nasa ibaba. Kailangang may umawit o bumasa ng bahagi ng patalastas habang isinasadula ang nasa larawan. Panoorin at pakinggan mo ito nang mabuti nang masagutan mo ang mga tanong sa ibaba.

### **PATALASTAS 1**



Gatas na malinamnam,  
subok na masustansiya.

Puno ng *iron*, *zinc*, at *vitamins*.

Inumin ito araw-araw.

Katawan mo'y lalakas, isip mo'y tatalas!

Numero unong gatas,

magaan pa sa bulsa.

**Yan ang Gatas na Soya Fortified!**

### **PATALASTAS 2**

\*Aawitin ang patalastas sa himig ng “Leron-Leron Sinta”

Tayo'y uminom gatas na masarap.

Katawan ay lalakas! Resistensiya sisigla!

Punong-puno ito ng *vitamins* at *mineral*.

Kaya't gatas na *Milky Fresh*,

baunin mo araw-araw.



Ngayon handa ka na bang sagutin ang mga tanong:

1. Tungkol saan ang napanood mong patalastas? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Ano ang dalawang produktong ipinakikilala rito? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Ano ang maidudulot sa katawan ang pag-inom ng *Soya Fortified?*  
*Milky Fresh?* \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. May pagkakahalintulad at pagkakaiba ba ang dalawang  
patalastas? Ano-ano ang mga ito? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
5. Para sa iyo, ano ang nais ipahiwatig ng dalawang patalastas?  
\_\_\_\_\_
6. Ayon sa patalastas, ang pag-inom ng gatas ay nagpapatibay at  
nagpapalakas ng katawan. Naniniwala ka ba rito? Bakit? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
7. Ano-anong uri ng pangungusap ang ginamit upang maipakilala  
ang kanilang produkto? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## **Suriin**

Magaling at nagawa mo ang pagsasanay sa Tuklasin. Ano ang iyong ginawa upang masagutan ang mga tanong sa napanood mong patalastas? Iyan ang ating aalaman sa ating aralin sa modyul na ito.



### **ATING ALAMIN**

Ano ang patalastas?

- Ang **patalastas** ay isang paraan ng pag-aanunsiyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng komunikasyong pang madla.

#### **Halimbawa:**

*Basta germs, Sabonguard*

*Labanan ang COVID 19*

*Choco-Gatas, Galaw-Kampeon*

*Isulong Edukalidad 2020*

*MultiVitamins Lakas-Liksi*

Papaano mo nasagutan ang mga tanong tungkol sa napanood na patalastas?

- Nasagutan ang mga tanong sa napanood na patatalastas sa pamamagitan ng pagtukoy sa bawat detalye na nais ipahiwatig sa patalastas. Sinagutan ang mga tanong na Sino, Saan, Kailan, Ano, Bakit, at Paano.

Halimbawa:

1. **Ano** ang dalawang produkto ng patalastas na iyong napanood?

*Sagot: Soya Fortified at MilkyFresh*

2. **Sino** ang dapat uminom ng gatas na ito ayon sa patalastas?

*Sagot: Mga Bata.*

3. **Kailan** dapat uminom ng gatas ang mga bata?

*Sagot: Araw araw/Tuwing Umaga*

4. **Bakit** mahalagang uminom ng gatas araw-araw?

*Sagot: Kailangang uminom ng gatas araw-araw lalo na ang mga bata upang mapanatili ang lakas at tibay ng pangangatawan.*

5. **Papaano** mo naihahambing ang dalawang produkto?

*Sagot: Sa pamamagitan ng kanilang paraan ng pagpapatalastas ng kanilang produkto.*

<b>Pangalan ng produkto</b>	<b>Produkto 1: Soya Fortified</b>	<b>Produkto 2: MilkyFresh</b>
<b>Estilo / Paraan ng panghihikayat</b> (Paawit/Patula, Pasayaw, testimonya, atbp.)	Testimonya	Paawit
<b>Wikang ginamit</b>	Filipino	Filipino
<b>Pangunahing tagapagpakilala ng produkto</b> (Artista, empleyado ng kumpanya, atbp.)	Nanay	Bata
<b>Layunin ng pagbibigay impormasyon</b> (Nanghihikayat, nagpapakilala, ibinibigay ang negatibong epekto ng hindi paggamit, mga magagandang dulot)	Nanghihikayat na uminom ng kanilang produkto	Nanghihikayat na uminon ng kanilang produkto
<b>Makatotohanan o kapanipaniwala ba ito? Oo/ Hindi</b>	Oo	Oo



Nakuha mo ba? Sige nga, manood ka o makinig sa radyo ng iba pang patalastas sa inyong bahay kasama ang iyong magulang o kapatid at subukan mo paghambingin ang mga napanood o napakinggang mga patalastas.


---

Nagawa mo ba? Magaling! Alam kong kayang-kaya mong gawin ang mga ito. Ngayon pag-aaralan naman natin kung papaano ipapakilala ang isang produkto gamit ang uri ng pangungusap.

- Sa pagsulat ng mga patalastas, maaari tayong gumamit ng iba't ibang uri ng pangungusap. Ang **pasalaysay**, **patanong**, **pautos** o **pakiusap**, at **padamdang** na ginagamitan ng mga salitang naglalarawan sa bagay o produkto. Kailangang tandaan na dapat pumili ng aangkop sa paglalarawan sa lahat ng bagay, tao, o lugar.
- Kung gayon, paano ba ang mabisang pagbuo ng pangungusap na maaring gamitin sa paggawa ng patalastas. Basahin at unawain ang sumusunod:
  1. Kilalaning mabuti ang produkto, serbisyo, o bagay na gagawan ng patalastas.
  2. Itala ang mahahalagang detalye tungkol dito.
  3. Suriin ang naitalang mahahalagang detalye mula sa teskto.
  4. Mula sa mga nakalap na impormasyon, bumuo ng pangungusap na nagbibigay impormasyon tungkol dito at tiyakin na ito'y madaling maunawaan.
  5. Pag-aralang mabuti ang pangungusap at tiyakin kung angkop ba ito sa kabuoang nilalaman at mensahe ng patalastas, gayundin kung batay ba ito sa mga nakalap na ebidensiya.
  6. Mag-isip ng pangungusap na nakakatawag pansin at madaling tumatak sa isipan ng manonood.



**Panuto:** Subukan mong gumawa ng patalastas. Gamitin ang uri ng pangungusap sa pagpapakilala ng produkto na nasa ibaba. Mag-isip ng makakatawag pansing pangungusap.

Produkto	Uri ng Pangungusap
	1. Patanong:
	2. Pasalaysay:
	3. Padamdang:
	4. Pasalaysay:
	5. Patanong o Pakiusap:

Alam kong naunawaan mo na kung paano gumawa ng epektibong patalastas. Kaya tara na! Magsanay ka pa!



### **Pagyamanin**



Upang mas mapalawak pa ang iyong kaalaman sa pagsagot ng mga tanong sa napanood na patalastas. Magsasagawa pa ng isang dula-dulaan sa tulong ng kasama mo sa bahay ng patalastas na nasa ibaba. Ipakita ang larawan ng patalastas na iyong pinanood. Idikit ito sa iyong kuwaderno.

### **Gawain 1**

**Mare 1:** Mare, ano yang gamit mong sabon sa paghugas ng inyong mga kamay?

**Mare 2:** Ito mare, mura na! Mabango pa sa kamay!

**Mare 1:** Sigurado ka ba diyan na tanggal ang mga *germs*? Tandaan mo mare, ang importante yung sabon na maaalis ang mga mikrobyo sa ating kamay. Subukan mo ito!

**Mare 2:** Wow! Mare, Malunggay Soap?

**Mare 1:** Oo mare, subok na ito 100% nakatatangal ng *germs* sa ating mga kamay. Kaya ito na ang gamitin ng iyong pamilya

**Malunggay Soap, 100% *germs* protection**

**A. Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang paksa ng patalastas na iyong napanood?
  - A. Sabon na panghugas sa kamay
  - B. Sabon na pampaputi
  - C. Sabon na panlaba
  - D. Sabon na pampaganda
  
2. Sino ang pangunahing tagapagkilala ng patalastas?
  - A. Bata
  - B. Nanay
  - C. Tatay
  - D. Guro
  
3. Ano ang produktong ipinakikilala sa patalastas?
  - A. Guyabano Soap
  - B. Malunggay Soap
  - C. Papaya Soap
  - D. Banaba Soap
  
4. Alin sa mga sumusunod ang HINDI dahilan kung bakit kailangan nating maghugas ng kamay?
  - A. Maalis ang germs o mikrobyo sa kamay.
  - B. Makakaiwas sa sakit dulot ng mikrobyo.
  - C. Huwag maghugas ng kamay dahil magastos sa sabon.
  - D. Panatiliing malinis ang kamay bago at pagkatapos kumain.

5. Bakit kailangang palaging nahuhugas ng kamay?

- A. Upang tayo'y ang maging malusog
- B. Upang tayo'y maging maganda
- C. Upang tayo'y maging masigla
- D. Upang tayo'y maging matapang

**B. Panuto:** Bilang isang mag-aaral, papaano mo mahihikayat ang ibang batang tulad mo ang maghugas ng kamay? Isulat ang sagot sa loob ng kahon. Gumamit ng sagutang papel.

## Gawain 2

**Panuto:** Manood ng dalawang lokal na patalastas sa paborito mong *Filipino channel*. Paghambingin ang mga ito. Gamitin ang tsart na nasa ibaba. Gumamit ng sagutang papel.

<b>Pangalan ng produkto</b>	<b>Produkto 1</b>	<b>Produkto 2:</b>
<b>Estilo / Paraan ng panghihikayat</b> (Paawit/Patula, Pasayaw, Testimonya, atbp.)		
<b>Wikang ginamit</b>		
<b>Pangunahing tagapagpakilala ng produkto</b> (Artista, empleyado ng kumpanya, atbp.)		
<b>Layunin ng pagbibigay impormasyon</b> (Nanghihikayat, nagpapakilala, ibinibigay ang negatibong epekto ng hindi paggamit, mga magagandang dulot)		
<b>Makatotohanan o kapanipaniwala ba ito? Oo/ Hindi</b>		



### Gawain 3

**Panuto:** Mag-isip ng sariling produkto na maaaring magamit “Laban sa COVID 19”. Pagkatapos, gumawa ng patalastas tungkol dito gamit ang iba’t ibang uri ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang kahon sa ibaba. Gumamit ng sagutang papel.

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

#### Rubrik sa Paggawa ng Patalastas

<b>Pamantayan</b>	<b>4</b>	<b>3</b>	<b>2</b>	<b>1</b>
1. Orihinal ang pagkakasulat ng patalastas.				
2. Kaakit-akit ang nilalaman ng patalastas na naisulat.				
3. Naisulat ng maikli at malinaw ang mensahe sa pagpapakilala ng produkto.				
4. Mahusay na nailahad ang benipisyo ng produktong ipinapakilala.				
5. Nailarawan nang mabuti ang pagpapakilala ng produkto gamit ang iba’t ibang uri ng pangungusap na may tamang bantas, pagbaybay, kapitalisasyon, at estruktura.				

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa **pahina 19** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY

3-4 tamang Sagot – MAGALING

1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA

0 tamang sagot – KAYA MO ‘YAN



## ***Isaisip***

**Panuto:** Isulat ang iyong mga natutuhan sa aralin. Sagutin ang sumusunod na tanong sa nakalaang espasyo sa iyong sagutang papel.

**A.** Punan ang sumusunod na talahayanan:

Ano ang iyong mga natutuhan?	Gaano ito kahalaga?

**B.** Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.

Mahalagang matutuhan ang kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri sa patalastas dahil \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



## ***Isagawa***

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagpapakilala ng produkto, isagawa ang gawain sa ibaba.

Alamin kung anong negosyo mayroon ang iyong magulang, kamag-anak, o kapitbahay. Mula sa nakalap na mga impormasyon, bumuo ng isang patalastas na makakatulong upang ipakilala ang kanilang produkto. Gamitin ang natutunan mong iba't ibang uri ng pangungusap upang maging epektibo at makatawag-pansin ang iyong patalastas. Gawin ito sa nakalaang kahon sa iyong sagutang papel at pagkatapos ipakita ito sa kanila.

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng Susi sa Pagwawasto sa **pahina 19**.



## ***Tayahin***

Marami ka nang napanood na mga patalastas. Alin sa mga napanood mo ang nagustuhan mo? Bakit? Natulungan ka ba ng paksang ito upang mapalawak ang iyong kaalaman at karanasan sa pagkatuto?

Sige, manood ka pa ng patalastas upang lalo pang mahasa ang iyong sarili sa pagsagot sa mga tanong tungkol dito at papaano mo gagamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap kung sakaling ikaw

ay gagawa ng isang patalastas para maipakilala ang isang partikular na produkto.

Manood ng dalawang lokal na patalastas tungkol sa **produktong sabong panlaba**. Pagkatapos, gawin ang sumusunod na gawain sa ibaba.

**A. Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Anong uri ng produkto ang ipinakilala sa napanood na patalastas?

---


2. Ang patalastas na iyong napanood ay naglalayong kumbinsihin ang mga mamimili lalo na ang mga

---

3. Ano ang ginamit na istilo o paraan ng dalawang patalastas na iyong pinanood sa pagpapakilala ng kanilang produkto?

---

4. Sa napanood na patalastas tungkol sa sabong panlaba, paghambingin mo ang mga ito. Gamitin ang *Venn Diagram* sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




5. Mag-isip ng sariling produktong sabong panlaba. Pagkatapos, gumawa ng patalastas tungkol dito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang kahon sa ibaba. Gamitin ang rubriks na nasa **pahina 13**.

**Mahusay!** Batid kong alam mo nang gamitin ang iyong dating karanasan at kaalaman sa paghuhula ng maaring mangyari sa isang sitwasyon. Ipagpatuloy ang pagsagot sa isa pang karagdagang gawain.



## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Mag-isip ng isang bagong produkto o mga lokal na produkto sa ating lugar. Ipakilala ito sa pamamagitan ng paggawa ng isang patalastas tungkol dito. Gamitin ang iyong natutunang kaalaman sa iba't ibang uri ng pangungusap upang makalikha ng isang epektibo at nakakatawag pansin na patalastas. Ilagay ang iyong patalastas sa nakalaang kahon sa ibaba.



**Malugod na pagbati!** Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.





## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**  
Iwawasto ng magulang depende sa napanood na patalastas.

**Surtin**: Gusto mo bang gumanda ang iyong katawan?  
**Padamdin**: Abal Kumain ka ng manga. Tama, Mangga!  
**Pasalaysay**: Ang manga ay mayaman sa bitamina at mineral na makakatulong upang maging masigla at maganda ang ating katawan.  
**Padamdin**: Talagal! Kayat kain na!  
**Pakiusap**: Kumain ng manga para katawan ay gumanda. (Tanggapin ang iba pang ginawang patalastas. Gamitin ang rubriks sa pagwawasto.)

**Isagawa/Karagdagang Gawain**  
Iwawasto gamit ang rubriks sa pahina 13.  
**Tayahin**  
1-6 – Iwawasto depende sa napanood na patalastas.  
7-10- Iwawasto gamit ang rubriks na nasa **pahina 13**.

### Balikan

1. Sigurado bang mabisa ang *mosquito spray* na yan?
2. Wow! 100% patay ang lamok.
3. Ang *Labanos Mosquito Spray* ay garantisadong ligtas gamitin ng pamilya.
4. Tayo'y maglinis ng ating paligid at gamitin ang *spray* para wala ng lamok.
5. Gamitin mo ang *spray* na ito at mabisang pamatay ng lamok.  
(Tanggapin pa ang ibang sagot).  
Maaaring gamitin ang rubriks sa pagwawasto.

### Pagyamanin

#### Gawain 1A

1. A 2. B 3. B 4. C 5. A

**B.** Sasabihin ko na ang paghuhugas ng kamay ay mahalaga upang iwas sa sakit dulot ng germs. (Tanggapin ang iba pang sagot).

#### Gawain 2 at Gawain 3

Iwawasto gamit ang rubriks sa **pahina 13**. (Tanggapin ang iba pang sagot)

**Tuklasin**  
1. Pag-inom ng gatas  
2. *Soya Fortified* & *MilkyFresh*  
3. *Soya Fortified* – *MilkyFresh*  
Masustansiya at Puno ng Iron, Zinc, at vitamins.  
*MilkyFresh* – katawan lalakas, resistensiyang sigla  
4. Opo. Magkahalintulad ang dalawa dahil nagpapalakas ng katawan at isipan ang pag-inom nito.  
Magkaba naman sa istilo ng pagpapatalastas.  
*MilkyFresh-Awit* samantalang *Soya Fortified* ay testimoniya.  
5. Uminom ng gatas ang mga bata araw-araw.  
6. Opo. Dahil may iron, zinc, vitamins, *progrowth nutrients*, *DHA at Choline* ang mga ito. (Tanggapin ang iba pang sagot)  
7. Pasalaysay, Padamdin, Pakiusap

**Isaisip**  
1. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa napanood na patalastas.  
2. Naihahambing ko ang iba't ibang patalastas  
3. Nakakagawa ako ng pangunusap.  
\*Mahalagang matunuan ang mga ito upang mas maging matalas at maragdagan ang aking kaalaman at pagsanay sa pagsagot sa mga tanong at makagawa ng sariling patalastas gamit ang uri ng pangunusap.  
(Tanggapin ang iba pang kasagutan)

## ***Sanggunian***

Agarrado, P.J., Francia, M., Guerrero, P., Gojo Cruz, G. (2016). *Alab Filipino 6* 1st ed. Quezon City: Vibal Group, Inc.

Calatrava, S., et.al (2015). *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.

Hernandez, R., (2015), Ang Patalastas at ang Sikolohiyang Pilipino. February 15, from <https://www.slideshare.net/romilynh13/ikalimang-bahagi>

Liwanag, L. (1999). *Landas Sa Wika 6*. 1st ed. Quezon City: Dane Publishing House Inc.

Rafael-Gloria, T. & Cruz, G., (2004). *Alab Ng Wikang Filipino 6*. 1st ed. Sta. Ana. Manila: Innovative Educational Materials, Inc.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)